
2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan – Modyul 9.1
## Inferring and Interpreting Data in a Pictograph



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Mathematics – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 9.1: Inferring and Interpreting Data in a Pictograph**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Marites G. Ancheta |
| **Editor:** | Milagros F. Bautista PhD |
| **Tagasuri:** | Emelita DT. Angara |
| **Tagaguhit:** | Mary Asuncion B. Palmero |
| **Tagalapat:** | Milky Joy B. Anasan |
| **Tagapamahala:** | |
| | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Erleo T. Villaros PhD |
| | Estrella D. Neri |
| | Milagros F. Bautista PhD |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St. Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
Email Address: region3@deped.gov.ph

2

# Mathematics

## Ikaapat na Markahan – Modyul 9.1
## Inferring and Interpreting Data in a Pictograph

## Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Inferring and Interpreting Data in a Pictograph.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Matematika 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Inferring and Interpreting Data in a Pictograph.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng mga gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga gawain na makatutulong sa iyo upang mabigyang kahulugan ang data na isinasaad ng pictograph.

Malaki ang maitutulong ng kaalamang ito upang lubos na maunawaan ang mga babasahing magbibigay ng mga kapaki-pakinabang na impormasyon.




Ang mga pagsasanay na nakapaloob dito ay lubos na magbibigay kasanayan na masagot ang mga tanong na ipinahihiwatig ng pictograph.

Sa katapusan ng modyul na ito, ikaw ay inaasahan na:

- infers and interprets data presented in a pictograph without and with scales. (M2SP-IVi-3.2)

## Subukin

Tingnan ang pictograph at sagutin ang mga tanong ukol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Biniling Prutas ni Nanay | |
|---|---|
| mangga |  |
| bayabas |  |
| papaya |  |
| saging |  |

Mga tanong:

1. Ano ang pamagat ng pictograph?
2. Ano-ano ang mga larawang ginamit bilang simbolo ng mga ito?
3. Ano ang pinakakaunti sa mga prutas na binili ni nanay?
4. Ilang lahat ang prutas na binili ni nanay?
5. Ilan mas marami ang biniling papaya at bayabas kaysa sa mangga?

# Aralin 1 — Inferring and Interpreting Data in a Pictograph

Nasagutan mo ba nang tama ang panimulang pagtataya? Alam mo na bang bigyang kahulugan ang mga datos na makikita sa pictograph? Sa modyul na ito malalaman mo ang ipinahihiwatig ng mga bahagi nito na makatutulong upang lubos mong maunawaan ang pictograph.



## *Balikan*

Nagtungo si Cirila sa hardin. Gusto niyang magdilig ng mga bulaklak. Bago diligin ay gusto niyang malaman kung ilan lahat ang mga bulaklak. Tulungan natin siyang gumawa ng tsart upang madali niyang malaman ang bilang ng bawat bulaklak.



Kumpletuhin ang tala ng mga datos gamit ang larawan sa pahina 3. Gayahin ang tsart sa sagutang papel.

| Mga Bulaklak sa Hardin | |
|---|---|
| Bulaklak | Tala |
| 1. sunflower | |
| 2. gumamela | |
| 3. rosas | |
| 4. sampaguita | |
| 5. zinia | |

Isulat ang bilang ng mga bulaklak.

| Mga Bulaklak sa Hardin | |
|---|---|
| Bulaklak | |
| 1. sunflower | |
| 2. gumamela | |
| 3. rosas | |
| 4. sampaguita | |
| 5. zinia | |



*Mga Tala para sa Guro*

Kung hindi kilala ng mga mag-aaral ang mga bulaklak ay isama sa sagutang papel ang pangalan at larawan ng mga bulaklak.

# Tuklasin

Naranasan mo na bang magbilang ng maraming bagay na nakakalat at hindi magkakagrupo? Papaano mo ito isinagawa? Alam mo bang magiging madali ang gawaing ito sa pamamagitan ng pictograph?

Madaling bilangin at unawain ang impormasyong dapat malaman kung ang datos ay maayos na naipakita sa talaan o tsart gamit ang mga larawan at talaang marka.

Naging madali para kay Cirila ang pagbilang sa mga bulaklak dahil itinala niya ito tulad ng nasa ibaba.

| Mga Bulaklak sa Hardin | |
|---|---|
| 1. sunflower | 5 |
| 2. gumamela | 6 |
| 3. rosas | 4 |
| 4. sampaguita | 10 |
| 5. zinia | 8 |

Ang paggamit ng pictograph ay isang paraan upang madaling mabasa at mabilang ang mga bagay o datos.

Halina at ating palawakin ang iyong nalalaman ukol sa pag-unawa sa pictograph.

# Suriin

Ang pictograph ay isang uri ng graph na gumagamit ng larawan at mga simbolo upang maipakita o mailarawan ang mga datos.

Ito ay may iba't -ibang bahagi. Ang pamagat ang nagsasabi kung ano ang ating binibilang at tungkol saan ang graph.

Ang label ay isang maikling salita na ginagamit upang makilala ang isang bagay o tao.




Ang simbolo ay ang larawan na ginagamit upang kumatawan sa mga datos.

Ang batayan o **legend** ay isang salita, parirala o bilang na ginagamit upang malaman kung ilan ang kinakatawan ng isang simbolo o larawan. Ito ay mahalaga sapagkat hindi natin mabibigyang kahulugan ang graph kung wala itong batayan

May pictograph na walang **scale**. Sa graph na ito, ang bawat simbolo ay isa (1) lamang ang kinakatawan at ang may scale na ang bawat simbolo ay may batayan na nagsasabi kung ilan ang kinakatawan ng bawat simbolo.

Ang graph sa ibaba ay halimbawa ng pictograph na walang scale.


Mapapansin na ito ay walang batayan na nangangahulugang ang bawat larawan ay kumakatawan lamang sa iisang bulaklak




Ito ang pictograph ng mga bulaklak na binilang ni Cirila sa simula ng ating aralin. Hindi ba mas madaling bilangin kapag nasa pictograph?

Narito naman ang halimbawa ng pictograph na may scale.

Mapapansin na ito ay may scale. Ang bawat  ay kumakatawan sa 2 bata batay sa nakasaad sa batayan. Nilalagyan ng scale upang pauntiin ang mga larawan na ilalagay sa pictograph.






**Mga hakbang upang mabasa ang pictograph:**





1. Basahin ang pamagat.
2. Tingnan ang mga label nito.
3. Para sa pictograph na may scale, alamin kung ilan ang katumbas ng isang larawan Makikita ito sa gilid o ibaba ng graph.

Malalaman natin ang kabuuang bilang ng larawan sa pamamagitan ng pagpaparami ng bilang ng larawan sa katumbas na bilang ng bawat isa na makikita sa batayan.

Maaari ring gamitin ang **continuous addition** ng katumbas na bilang ng simbolo. Narito ang mga paraan upang malaman ang kabuuang bilang ng larawan sa pictograph na may scale.

| Prutas | Tala | Kabuuan |
| --- | --- | --- |
| mangga |  2 + 2 + 2 + 2 + 2 + 2 = 12 | 6 x 2 =12 |
| pinya |  2 + 2 = 4 | 2 x 2 = 4 |
| abokado |  2 + 2 + 2 + 2 = 8 | 4 x 2 = 8 |
| saging |  2 + 2 + 2 + 2 + 2 = 10 | 5 x 2 =10 |
| pakwan |  2 + 2 + 2 = 6 | 3x 2 =6 |

Pag-aralan ang pictograph. Pansinin kung paano sinagutan ang mga tanong

| Pinitas na Bulaklak | |
|---|---|
| Marina |  |
| Noel |  |
| Liza |  |
| Bobby |  |
| Maria |  |

Batayan  = 3 bulaklak

1. Ano ang pamagat ng pictograph? <u>Pinitas na Bulaklak</u>
2. Isulat o iguhit ang bahaging nakasaad

   A. label <u>Marina, Noel, Liza, Bobby, Maria</u>


   B. simbolo  C. batayan  **= 3 bulaklak**
3. Sino ang pinakakaunti ang pinitas? <u>Noel</u>
4. Ilan ang pinitas ni Liza? <u>18</u>



3 + 3 + 3 + 3 + 3 + 3 = **18** (6 x 3) = **18**


5. Ilan mas marami ang pinitas ni Marina kaysa kay Bobby? **<u>6</u>**

Marina



3 + 3 + 3 + 3 = **12** (4 x 3) = **12**

Bobby



3 + 3 = **<u>6</u>** (2 x 3) = **<u>6</u>**

12 - 6 =<u>6</u>

6. Ilan lahat ang pinitas na bulaklak ng mga bata?




| | | | |
|---|---|---|---|
| Marina | - | 4 x 3 | = 12 |
| Noel | - | 1 x 3 | = 3 |
| Liza | - | 6 x 3 | = 18 |
| Bobby | - | 2 x 3 | = 6 |
| Maria | - | 8 x 3 | = 24 |

Sagot: 12+3+18+6+24 = **63**

## Pagyamanin

Tingnan natin ngayon kung naunawaan mo ang tinalakay sa mga naunang pahina. Sagutan ang sumusunod na gawain.

**A.** Panuto: Basahin at suriing mabuti ang pictograph. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nasa loob ng kahon sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Mga Alagang Hayop ni Mang Amado | |
|---|---|
| kambing |  |
| baboy |  |
| manok |  |
| aso |  |
| kalabaw |  |





| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 5 | 18 | baboy | kalabaw | manok |

Mga Alagang Hayop ni Mang Amado

Pangangalaga sa Hayop

1. Ano ang pamagat ng pictograph?
2. Ilan ang alaga niyang baboy?
3. Ano sa mga alaga niya ang isa lamang?
4. Ano ang pinakamarami sa mga alaga niyang hayop?
5. Ilan lahat ang alaga niyang hayop?

**B.** Panuto: Pag-aralan ang pictograph at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Talong na Itinanim ng Grade 2-Sampagita | |
|---|---|
| Lunes |  |
| Martes |  |
| Miyerkules |  |
| Huwebes |  |
| Biyernes |  |






Batayan:  = 2 puno ng talong

1. Ilan ang talong ang itinanim sa araw ng Martes?
   A. 5 B. 10 C. 15 D. 20
2. Anong araw ang pinakamaraming itinanim na talong?
   A. Lunes B. Martes C. Miyerkules D. Huwebes
3. Anong araw ang dalawa lamang ang itinanim na talong?
   A. Lunes B. Martes C. Miyerkules D. Huwebes
4. Ilan ang kabuuan ng itinanim sa araw ng Lunes at Martes?
   A. 10 B. 16 C. 20 D. 24
5. Ilan lahat ang itinanim na talong ng mga mag-aaral sa Grade 2 -Sampagita?

   A. 17 B. 24 C. 34 D. 44

C. Panuto: Siyasatin ang pictograph at sagutin ang mga tanong ukol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Tinanong ni Bb. Ramos ang mga mag-aaral ukol sa kanilang paboritong asignatura. Upang maging madali ang pagbibilang ay gumawa sila ng graph.

| Paboritong Asignatura ng Grade 2- Rosal | |
|---|---|
| Asignatura | Boto |
| English |  |
| Matematika |  |
| Araling Panlipunan |  |
| Mother Tongue |  |
| MAPEH |  |

1. Ano ang pinakapaboritong asignatura ng Grade 2 Rosal?
2. Ano- anong asignatura ang may parehong bilang ng boto?
3. Ilan ang kabuuan ng mga mag-aaral na bumoto sa paborito nilang asignatura?
4. Anong 3 asignatura na kapag pinagsama-sama ang boto ay katumbas ng boto ng English?
5. Kung 20 ang kabuuan ng Grade 2 Rosal, ilang mag-aaral ang hindi bumoto?

**D.** Panuto: Suriin ang pictograph sa ibaba at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Si Gng. Palmero ay nagbabalak na magbigay ng **ice cream** sa kanyang mga mag-aaral. Tinanong niya ang mga ito kung anong **flavor** ang gusto nila at ito ay kanyang itinala.

| Paboritong Flavor ng Ice Cream | |
|---|---|
| Flavor | Bilang ng Boto |
| tsokoleyt |  |
| vanilla |  |
| macapuno |  |
| keso |  |
| mangga |  |
| Batayan o Legend  = 3 boto | |

1. Anong flavor ang pinakamarami ang at gusto ng mag-aaral?
2. Anong flavor ang pareho ang bilang ng may gusto?
3. Gaano mas marami ang may gusto sa mangga flavor kaysa tsokoleyt?
4. Anong dalawang flavor ang may kabuuang 18 boto?
5. Ilan ang kabuuan ng mga batang bumoto ng gusto nilang flavor ng ice cream?

## Isaisip


Panuto: Sagutin ang mga tanong. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| 1 | pictograph | 25 |
| continuous addition | label | batayan |

1. Ano ang tawag sa graph na gumagamit ng larawan at mga simbolo upang maipakita ang mga datos?
2. Ano ang bahagi ng graph na nagsasabi kung ilan ang kumakatawan sa isang simbolo.
3. Ilan ang kinakatawan ng isang simbolo kapag ang pictograph ay without scale o walang batayan?
4. Sa pictograph na may scale, ano ang tawag sa paraang nasa ibaba upang malaman ang bilang ng mga datos?





   4+4+4+4+4 +4 = 24
5. Ilan ang katumbas ng aklat sa kahon kung ang ibinigay na batayan ay

 = 5



# Isagawa

Ang pagreresiklo ng mga bagay na gamit na ay isang paraan upang mabawasan ang ating problema sa basura. Ang mga mag-aaral sa Grade 2 ay nag-ipon ng mga bote para iresiklo.






| Mga Boteng Ireresiklo | |
|---|---|
| Mabait |  |
| Magalang | |
| Masipag |  |
| Matapat |  |
| Matulungin |  |
| Batayan o Legend | = 5 bote |

1. Ilang bote ang ireresiklo ng Pangkat Masipag?
2. Anong pangkat ang may pinakamaraming boteng ireresiklo?
3. Ilang bote ang iguguhit mo para sa Pangkat Magalang kung ang kanilang ireresiklong bote ay 30?
4. Anong dalawang pangkat ang pareho ang bilang ng ireresiklong bote?
5. Ilang bote pa ang kailangang ipunin ng Pangkat Matulungin kung nais nilang magresiklo ng 40 bote?

# *Tayahin*

Ang pictograph sa ibaba ay nagpapakita ng bilang ng punong itinanim ng mga batang iskawt.

Gamitin ang mga impormasyon upang masagot ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Punong Itinanim ng mga Batang Iskawt | |
|---|---|
| Hunyo |  |
| Hulyo |  |
| Agosto |  |
| Setyembre |  |
| Oktubre |  |
| Batayan o Legend  = 5 puno | |

1. Ano ang pamagat ng pictograph?
2. Ilan ang katumbas ng isang  ?
3. Ilan ang kabuuan ng mga punong tinanim ng mga batang Iskawt kapag pinagsama ang buwan ng Oktubre at Agosto?
4. Gaano mas marami ang itinanim nilang puno noong buwan ng Setyembre kaysa buwan ng Hulyo?
5. Ilan lahat ang itinanim nilang puno mula Hunyo hanggang Oktubre?

# *Karagdagang Gawain*

Nagbasa ng aklat ang mga mag-aaral sa Grade 2 noong nakaraang bakasyon upang mapayaman pa ang kanilang kaalamang natutunan sa silid-aralan.

Narito ang tala ng bilang mga aklat na binasa ng bawat isa.

| Trisha | Paulo | Tracy | Adrian | Angelo |
|---|---|---|---|---|
| 14 | 12 | 8 | 4 | 6 |

Panuto: Kumpletuhin ang pictograph at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| Pamagat | |
|---|---|
| Trisha | |
| Tracy | |
| Paulo | |
| Adrian | |
| Angelo | |
| | Batayan  = 2 aklat |

1. Sino ang may pinakamaraming aklat na binasa?
2. Ilan ang aklat na binasa ni Paulo?
3. Kapag pinagsama ang binasang aklat nina Angelo at Adrian, ilan ang kabuuan nito?
4. Sino ang mas marami ang nabasang aklat, si Paulo o si Tracy? Gaano mas marami?
5. Ilan lahat ang binasang aklat ng mga bata?
6. Nagbabasa ka ba ng aklat sa bahay? Ilang aklat na ang nabasa mo?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1.Biniling Prutas ni Nanay
2.
A. mangga
B. bayabas
C. papaya
D. saging
3. papaya
4. 28
5. 4

**Balikan**

1. 5
2. 6
3. 4
4. 10
5. 8

1. IIII
2. IIII-I
3. IIII
4. IIII-IIII
5. IIII-III

**Suriin**

1. Pinitas na Bulaklak
2. A.pangalan ng tao
B. 
C. 3 bulaklak
3. Noel
4. 18
5. 6
6. 12
3
18
6
24
Total = 63

**Pagyamanin**

A.
1. Mga Alagang Hayop ni Mang Amado
2. 5
3. kalabaw
4. manok
5. 18

B.
1.B
2. D
3. C
4. B
5. C

C.
1.Matematika
2. AP at MAPEH
3. 17
4. AP, Mother Tongue at MAPEH
5. 3

D.
1. mangga
2.tsokoleyt at keso
3. 6
4. vanilla at macapuno
5. 87

**Isaisip**

1.pictograph
2. batayan
3. 1
4.continuous addition
5.25

**Isagawa**

1. 25
2. Masipag
3. 6
4. Mabait at Matapat
5. 25

**Tayahin**

1. Punong Itinanim ng mga Batang Iskawt
2. 5 puno
3. 35
4. 10
5. 125

**Karagdagang Gawain**

Pictograph

1. Trisha
2. 12
3.) 10
4. Paulo, 4
5. 44
6. depende
7. maraming matutunan (*many answers*)

# *Sanggunian*

Alvarez, Catherine E., Ellenbelle S. Bibi, Loreta I. Cepriaso, Simon L. Chua, at Roberto J. Degolacion. 2017. *Phoenix Math for the 21st Century Learners Grade 2*. Second Edition. Phoenix Publishing House, Inc.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Kagamitan ng Mag-aaral Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

Catud, Herminio Jose C., Shierley F. Ferera, Danilo Padilla, at Rogelio Candido. 2013. *Mathematics 2 Teacher's Guide Tagalog*. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Gabay Pangkurikulum ng Matematika sa Baitang 2*. 2016. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

*Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes/Suggested LRs*. n.d. Republika ng Pilipinas: Kagawaran ng Edukasyon.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph